# PAUNANG PAGSUSURI SA CREATIVE ECONOMY NG PILIPINAS

Ipinahahayag ni Jo Tanierla, Chairperson

Abril 2026

TAMBISAN SA SINING



*Palihang Neil Doloricon — Komite sa Pag-aaral at Pananaliksik*

Sa mga numero:

| ₱1.94T | 7.51M | 7.3% |
|---|---|---|
| ambag sa GDP | manggagawa | ng GDP |

# TAKBO NG TALAKAYAN


01 **Ano ang Creative Economy?**

Kahulugan at saklaw ayon sa batas

02 **SAHOD**

Ano ang kinikita ng mga manggagawa?

03 **TRABAHO**

Gaano karami? Formal ba o informal?

04 **KARAPATAN**

Organisasyon, CBA, at kalayaang mag-organisa

05 **BUOD AT PANAWAGAN**

Ano ang dapat gawin?

# 01

# ANO ANG CREATIVE ECONOMY?

**GABAY NA TANONG:**

*Ano ang ibig sabihin ng 'creative economy'? Sino ang kasali at sino ang hindi? Sumasaklaw ba ito sa lahat ng uri ng manggagawa sa sining at kultura?*

# ANO ANG CREATIVE ECONOMY? — RA 11904

*"...trades involving persons...that produce cultural, artistic, and innovative goods and services originating in human creativity, skill, and talent and having a potential to create wealth and livelihood through the generation and utilization of intellectual property."*

- Audio at Audiovisual Media
- Digital Interactive Goods at Services
- Advertising, R&D, at Serbisyong Artistiko
- Simbolo at Imahe (tela, alahas, kasangkapan, etc.)
- Media Publishing at Printing
- Musika, Sining, at Entertainment
- Visual Arts
- Tradisyonal na Pagpapahayag ng Kultura
- Art Galleries, Museums, at Ballrooms

# ANO ANG CREATIVE ECONOMY? — RA 11904

Figure 4. Total Revenue and Total Expense for Arts, Entertainment and Recreation Section by Industry Group: Philippines, 2022




*Note: Details may not add up to totals due to rounding and/or statistical disclosure control.*
*Source: Philippine Statistics Authority, 2022 ASPBI (Final Results)*

02

# SAHOD

**GABAY NA TANONG:**

*Magkano ang kinikita ng mga manggagawa sa creative economy? Sukat ba ito sa kanilang pangangailangan? Mayroon bang pagkakaiba sa pormal at impormal na sektor?*

# SAHOD: TATLONG ANTAS

### NCR Minimum Wage

**₱695/araw**

*Pinakamababang legal na pasahod*

### Pormal na Sektor (Arts, Ent. & Rec.)

**₱1,022–1,123/araw**

*Mataas kaysa minimum, pero hindi pa FLW*

### IBON Family Living Wage, 2026 (NCR)

**₱1,266/araw**

*Kinakailangan para mabuhay nang maayos*

⚠️ *Ang FLW ay hindi pa naaabot ng karamihan sa mga manggagawa sa creative economy, lalo na ang mga nasa impormal na sektor.*

# PAGHAHAMBING NG SAHOD — Araw-araw na Kita (Pormal na Sektor, 2024)



# "BELOW THE LINE" — Film at TV Workers (Impormal na Sektor)

## Mula sa Case Study ng mga Advocate Groups:

1. Equipment supplier na nagse-serbisyo sa halos lahat ng TV networks at mga mainstream/independent na pelikula
2. ₱500+ lang ang base pay — mas mababa pa sa ₱695 na NCR minimum wage
3. ₱1,200 ang kinikita sa 14–24 oras ng pagtratrabaho
4. Dapat ay ₱1,275 para sa 14 oras (base pay + 6 oras OT sa 120%)
5. Hindi pa kasama ang night differential at iba pang benepisyo

### AKTWAL vs. DAPAT

Aktwal na sahod
(14–24 oras)
**₱1,200**

Dapat na sahod
(14 oras + OT)
**₱1,275**

Fair Living Wage
(IBON)
**₱1,251**

NCR Minimum Wage
**₱695**

# 03

# TRABAHO

**GABAY NA TANONG:**

*Ilang manggagawa ang nasa creative economy? Ano ang pagkakaiba ng datos ng PCESA at ng LFS? Gaano karami ang nasa impormal na sektor?*

Figure 3. Percent Distribution of Employment in Creative Economy, by Industry: 2022 to 2024




*Note: Details may not add up due to rounding*
*Source: Philippine Statistics Authority*

PCESA

Philippine Creative Economy Satellite Account

***Table: Employment in Creative Industries 2018 - 2024***

***Levels: in thousand persons***

| Industry | 2018r | 2019 | 2020r | 2021r | 2022r | 2023r | 2024 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Audio and audiovisual media activities | 152 | 154 | 148 | 170 | 183 | 183 | 186 |
| Digital interactive goods and service activities | 404 | 415 | 401 | 466 | 408 | 309 | 315 |
| Advertising, research and development, and other artistic service activities | 1,051 | 1,145 | 895 | 1,005 | 1,160 | 1,265 | 1,342 |
| Symbols and images and other related activities | 2,091 | 2,138 | 1,659 | 1,921 | 2,132 | 2,162 | 2,213 |
| Media publishing and printing activities | 301 | 310 | 255 | 293 | 319 | 308 | 316 |
| Music, arts and entertainment activities | 33 | 35 | 22 | 28 | 32 | 33 | 34 |
| Visual arts activities | 91 | 96 | 78 | 91 | 94 | 89 | 91 |
| Traditional cultural expression activities | 2,626 | 2,593 | 1,984 | 2,211 | 2,424 | 2,612 | 2,752 |
| Art galleries, museums, ballrooms, conventions and trade shows, and related activities | 201 | 223 | 108 | 158 | 217 | 268 | 264 |
| **Total Employment in Creative Industries** | **6,951** | **7,108** | **5,550** | **6,343** | **6,970** | **7,230** | **7,513** |

| Data | Description / Use | Source Agency |
|---|---|---|
| Supply and Use Tables (SUT) | The 2018 SUT provides information on the structure of the Philippine economy. | PSA |
| National Accounts of the Philippines (NAP) | Primary source of information used in deriving the overall production and consumption of the economy. | PSA |
| Census of Philippine Business and Industry (CPBI) | Provides information on the Gross Output, Intermediate Consumption of industries, and employment in creative industries. | PSA |
| Labor Force Survey (LFS) | Provides information on the total number of employed persons by industry. | PSA |
| List of Establishments (LE) | Provides information on the employment in creative industries. | PSA |
| Copyright factors from various studies and reports | Copyright factor is a ratio used to identify the creative portion of a specific industry. | DTI, Bayudan-Dacuycuy (2021), Francisco et al. (2014) |

Kabilang sa List of Establishments (LE) at Labor Force Survey (LFS) ang mga manggagawang impormal: self-employed, family-employed without proper compensation, sub-contract, under ng manpower agencies o third party recruitment. Kaya malinaw na kasama na sa PCESA ang bahagi ng informal sector sa creative economy.

# TRABAHO: GAANO KARAMI? — Paghahambing ng mga Pinagkukunan ng Datos

**ASPBI 2022**
**(Pormal na Sektor Lamang)**

**20,600**

*Arts, Ent. & Rec. na may creative character (excludes gambling). Limited sa 360,637 establishments.*

**LFS Nov 2025**
**(Buong Sektor, Formal + Informal)**

**422,000**

*Arts, Entertainment, & Recreation section — 1.5% ng service sector*

**PCESA 2024**
**(Creative Economy Satellite Account)**

**7.51 Milyon**

*Kasama ang formal at informal. 15.4% ng kabuuang employed na Pilipino*

⚠️ Ang malaking agwat sa pagitan ng LFS (422K) at PCESA (7.51M) ay nagpapakita ng malalim na problemang metodolohikal at ng kahalagahan ng pormal na pag-aaral sa sektor.

## PCESA: Empleyo sa Creative Industries, 2018–2024 (sa libu-libong manggagawa)



# IMPORMAL NA SEKTOR — Ang Nakatagong Mayorya

Breakdown ng Impormal na Sektor (LFS Nov 2025)




**18 Milyon**

impormal na manggagawa sa bansa

**36.6%**

ng lahat ng employed na Pilipino

**₱500+**

base pay ng film/TV equipment workers

**14–24 oras**

na trabaho bawat araw, karaniwang walang overtime pay

04

# KARAPATAN

**GABAY NA TANONG:**

*Gaano karami ang organisado? May Freedom of Association ba ang mga manggagawa sa creative economy? Ano ang mga hamon sa pag-oorganisa?*

# KALAGAYAN NG ORGANISASYON AT UNYON (Q3 2025, Bureau of Labor Relations)

**13.63%**

ng lahat ng employed
ang organisado

*6.76 milyon manggagawa*

**6.82%**

ng private sector workers
ay miyembro ng unyon

*1.71 milyon kasapi ng unyon*

**1.34%**

lang ng private sector
ang saklaw ng CBA

*334,750 manggagawa*

*BUNGI PA ANG DATOS: Wala pang espesipikong bilang ng mga unyonisadong manggagawa, kasapi ng guilds, o nasasaklaw ng CBA sa loob ng creative economy. Kailangan ng hiwalay na pag-aaral.*

| Organisasyon | Ikatlong Kwarto ng 2025 | |
|---|---|---|
| | **Bilang** | **%** |
| Organisasyong Pangmanggagawa | 157,058 | |
| Kasapi ng mga Organisasyong Pangmanggagawa | 6,761,812 | 13.63% ng 49.6 milyong manggagawang may trabaho (Employed) |
| Unyon | 18,663 | |
| Kasapi ng mga Unyon | 1,707,746 | 6.82% ng 25.05 milyong manggagawa sa mga pribadong empresa |
| Asosasyon ng mga Manggagawa | 136,153 | |
| Kasapi ng mga Asosasyon ng Manggagawa | 4,362,792 | 8.8% ng 49.6 milyong manggagawang may trabaho (Employed) |
| Collective Bargaining Agreement | 1,324 | |
| Manggagawang saklaw ng CBA | 334,750 | 1.34% ng 25.05 milyong manggagawa sa mga pribadong empresa |

# ILANG MGA ORGANISASYON SA CREATIVE INDUSTRY

- Eyes on Set (Advocate Group)
- TAG — Talents Association of GMA
- GMA Employees' Union
- Directors' Guild of the Philippines (DGPI)
- Lupon ng mga Pilipinong Sinematograpo (LPS)
- Guild of Assistant Directors & Script Supervisors (GADSS)
- Kapisanan ng mga Assistant Directors (KAPS)
- League of Filipino Actors (AKTOR)
- Filipino Screenwriters' Guild (FSG)
- Chinoy Actors of the Philippines (CAP)
- Kapisanan ng mga Artista ng Pelikulang Pilipino at Telebisyon (KAPPT)
- Writers Block
- Film Workers Against Corruption
- KAMPE TV - Kapisanan ng mga Manggagawa sa Pelikula at TV

Enero 24, 2026: Pinaboran ng Korte Suprema ang TAG vs. GMA 7 —
94 talents ang idineklarang regular na manggagawa matapos ang 11 taon ng pakikipaglaban!

# ILANG MGA ORGANISASYON SA CREATIVE INDUSTRY

KAMPE TV

KAPISANAN NG MANGGAGAWA
SA PELIKULA AT TV

# KALAYAAN NG PAGPAPAHAYAG — Pag-atake at Blacklisting

## ✅ MGA TAGUMPAY

- Nagwagi ang Alipato at Muog — tinanggal ang X-Rating ng MTRCB (2025)
- TAG vs. GMA — 94 talents ay idineklarang regular na empleyado (Enero 2026)
- Mga mobilisasyon sa lansangan, mga welga, protestang bayan

## ❌ MGA HAMON AT PAG-ATAKE

- Talamak na blacklisting — diskriminasyon sa pag-hire batay sa subjective na dahilan
- Dumadalas na surveillance ng ELCAC at PNP sa mga progressive na events ng artista
- Frenchie Mae Cumpio — unang media worker na kinasuhan ng terrorism financing; 5 taon nang nakapiit kasama ang Tacloban 5
- Romblon 4 — 2 ay artista ng bayan; may gawa-gawang bagong kaso sa Mindoro

*Ang anumang pagpigil — surveillance, red-tagging, o aktwal na pag-aresto — ay pasismo at direktang lumalabag sa kalayaang magpahayag at magtaguyod ng karapatan ng mga manggagawa.*

# 05

# BUOD AT PANAWAGAN

**GABAY NA TANONG:**

*Ano ang kalagayan ng mga manggagawa sa creative economy? Ano ang dapat gawin para mapabuti ito? Paano tayo magkakaisa?*

# ILANG PUNTOS

- Kasalsukuyang nagsasagawa ng mga skills workshops, capacity-building activities, at entrepreneurial activities ang PCIDA sa mga komunidad sa iba't ibang rehiyon sa bansa. **Dapat naman, subalit tila inuuna ng gobyerno ang labor-export efforts at binibitawan ang pagtataguyod at pagpapaunlad sa ng industriya ng paglikha.**

- Kabilang sa maaaring benepisyo ng pagtataguyod g industriya ng paglikha ang aksesibleng mga gamit, parehong equipments tulad ng camera at computer, at digital na imprastraktura, tulad ng Adobe suite na nagkakahalaga ng humigit-kumulang **P5,000 para sa buong access sa lahat ng applications ng Adobe.**

- Makakatulong din ang sariling industriya sa unti-unting pagpapababa ng mga buwis sa digital services, na ipinataw kamakailan lang (**Digitax Law**)

- May posibilidad na ma-empleyo at magka-trabaho, **pero kung walang wastong mga polisiya sa paggawa,** walang magtitiyak sa nakabubuhay na pasahod, job security, at employment benefits para sa mga manggagawa sa creative economy

# ILANG PUNTOS

- **Hindi miyembro ng PCIDA ang DOLE**

- **Inaalam pa natin ang pagkakatilad ng uri o class ng mga naka-empleyo** sa mga empresa ng industriya ng paglikha. Sa kabila ng butas na ito, batay sa mga SICA ay malaki ang bahagdan ng uring manggagawa sa kabuuang labor force na nasa creative economy

# BUOD — Mga Pangunahing Natuklasan

### 💼 Seguridad sa Trabaho

Pangunahing pangangailangan. Maraming employer o produksyon ang mga creative workers — nagiging hadlang ito sa pag-unyon.

### ✊ Mahina ang Organisasyon

Maraming professional guilds, wala pa ring tunay na unyon. Lalo na ang mga below-the-line at rank-and-file workers.

### 💰 Sahod: Mataas sa Regular, Barat sa 'Di Regular

Ang pormal na sektor ay mas mataas kaysa minimum wage, pero hindi pa rin umaabot sa FLW. Ang impormal na sektor ay lalo pang mas mababa.

### ⚠️ De-Industrialisasyon

Ang paglaki ng creative sector ay posibleng sintomas ng de-industrialisasyon — murang lakas-paggawa para sa mga kapitalista.

### 📊 Laking Agwat ng Datos

ASPBI: 20,600 | LFS: 422,000 | PCESA: 7.51M. Kailangan ng komprehensibong SICA para malaman ang tunay na bilang.

# MGA PANAWAGAN

1. **Ipaglaban ang SEGURIDAD SA TRABAHO at REGULARISASYON para sa mga manggagawa sa creative economy!**
2. **Ipaglaban ang FREEDOM OF ASSOCIATION para sa mga manggagawa sa creative economy!**
3. UNYON ng manggagawa sa paglikha — ITAYO, IPAGLABAN!
4. Artista, MAGKAISA! Itayo ang tunay, palaban, at makabayang unyon!
5. Kamtin ang NAKABUBUHAY NA SAHOD!

# SANGGUNIAN


1. Philippine Statistics Authority (PSA): 2022 Annual Survey of Philippine Business and Industry (ASPBI)
2. PSA: 2024 Occupational Wages Survey (OWS)
3. PSA: Philippine Creative Economy Satellite Account (PCESA) 2024
4. PSA: Labor Force Survey (LFS), Nobyembre 2025
5. PSA: Film and TV Workers SICA
6. PSA: Theater Workers SICA (Company Call)
7. IBON Foundation: Fair Living Wage Computation 2024
8. Bureau of Labor Relations: Q3 2025 Labor Organization Data
9. Tambisan sa Sining: Kaya Pa Today — Kalagayan ng Creatives sa Design Agencies (2024)
10. Republic Act No. 11904 (Philippine Creative Industries Development Act)